Kagawaran ng Edukasyon

Malusog na Paaralan: Mga Tip para sa mga Magulang

Inilathala ng Special Duty Unit 2, Kagawaran ng Edukasyon http://www.edb.gov.hk/antidrugforparents Disyembre 2015 (ika-6 na isyu)

# Malusog na Buhay – Nagsisimula sa pamilya

**Upang epektibong maasikaso ang mga kabataan at mapigilan ang kanilang maling asal (kabilang na ang paggamit at pagpupuslit ng droga), kailangang tulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na makapagtatatag ng magandang uri ng pamumuhay at magkaroon ng mga positibong pinahahalagahan, upang kung gayun ay lalo pa nilang mapalakas ang kakayahan nilang tumanggi sa tukso.**

**Panatilihin ang isang balansiyadong pagkain kasama ang mga anak**



**Panatilihin ang isang regular na pang-araw-araw na gawain**



**Ugaliin ang regular na pag-eehersisyo, ayusin ang komunikasyon sa mga anak at harapin ang kanilang mga pangangailangan.**



## Mas malayong masisi ang mga kabataan na siyang gumagawa ng krimen kapag nasangkot sila sa pagpupuslit ng droga?

(Batay sa isang tunay na kaso )

Si Andrew, isang teenager na 16 na taong gulang, ay dating isang estudyante sa sekondarya apat at naninirahang kasama ang kanyang mga magulang at nakababatang kapatid na lalaki. Bagaman hindi gaanong matalino sa akademika, maganda naman ang kanyang asal sa paaralan. Aktibo siyang sumasali sa mga ekstrakurikular na gawain tulad ng boluntaryong trabaho at kadalasan ay nakikipagkuwentuhan siya sa mga naging kaibigan niya sa mga okasyong ito gamit ang WhatsApp sa kanyang cell phone. Isang araw, akala ng istrikto niyang ama ay naglilibang lamang siya sa kanyang cell phone at binasag ng kanyang ama ang kanyang cell phone dahil sa galit. Sapagkat sa ngayon ay hindi na puwedeng walang cell phone ang mga kabataan, gusto ni Andrew na makaipon ng pera para sa isang bagong cell phone sa pamamagitan ng pagtatrabaho nang part-time. Pero, ipinagbawal ito ng kanyang mga magulang.

Mula noon, nagpalaboy-laboy na si Andrew sa parke, kung saan napabarkada siya sa isang gang ng masasamang mga kaibigan, kabilang na ang isang nagbebenta ng droga na tinatawag na Fred. Dahil nalaman niya na nagmamadaling magkapera si Andrew, gumamit si Fred ng $300 upang mahikayat si Andrew na magpuslit ng droga para sa kanya. Tinanggap ni Andrew ang alok nang hindi nalalaman kung gaano kaseryoso ang ganitong krimen. Ito ang unang pagkakataon na nasangkot si Andrew sa pagpupuslit ng droga. Masyado siyang ninerbiyos kaya nasawata siya ng mga pulis sa daan. Inaresto si Andrew pagkatapos na makitaan siya ng 14.1 na gramo ng ketamine.



Labis na pinagsisihan ni Andrew ang kanyang ginawa. Sinisi ng kanyang mga magulang ang kanilang mga sarili sa hindi nila pagtuturo sa kanilang anak ng kabutihang asal at sa palagay nila ay kapuwa sila may pananagutan sa kamaliang ginawa ni Andrew. Nakiusap sila nang husto sa hukom na babaan ang hatol. Bagaman 16 na taong gulang lamang si Andrew nang gawin niya ang krimen, ayon sa mga Batas ng Hong Kong, ang pagpupuslit ng mapapanganib na droga ay isang napakaseryosong opensa at karaniwang nahahatulan ng agarang pagkakulong ang napatunayang may sala, gaano man ito kakonti. Iginiit ni Andrew na wala siyang kasalanan at nagpakita ng katibayan ng kabutihang asal. Gayunpaman, nahatulan pa rin siya ng 2 taon at 7 buwang pagkakulong pagkatapos ng mitigasyon.

Alam ba ninyo ang maksimum na parusa sa Hong Kong sa paggawa ng mga opensang may kaugnayan sa droga?

| Aktibidad | Multa | Pagkakulong |
|---|---|---|
| Posesyon o paggamit ng droga | HK $1,000,000 | 7 Taon |
| Pagpupuslit ng droga | HK $5,000,000 | Pagkakulong ng habambuhay |
| Paggawa ng mapapanganib na droga | HK $5,000,000 | Pagkakulong ng habambuhay |
| Posesyon ng mga tubo at kagamitan, at iba pa para sa pagkuha ng droga | HK $10,000 | 3 Taon |





**Ang mga magulang ay dapat na**

- ✓ Makipag-usap sa inyong mga anak at ituro sa kanila ang mga tamang konsepto kaugnay ng pera
- ✓ Magsaayos ng magagandang gawain kasama ang inyong mga anak
- ✓ Magkaroon ng kabatiran at turuan ang inyong mga anak ng tungkol sa pananagutan sa batas kung gagawa ng mga opensang may kaugnayan sa droga

Kung kailangan ang tulong: **186 186** (Serbisyong Telepono na Mapapagtanungan ng Tungkol sa Laban sa Droga)
**98 186 186** (Serbisyong Telepono na Mapapagtanungan ng Tungkol sa Laban sa Droga sa pamamagitan ng mga plataporma ng instant messaging - WhatsApp, WeChat)